# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

## ST200 Man and Sin

### Part 1: ST201 Man in God's Image, 1 of 3

### a] Dignity

Hinggil sa pagkakalikha ng Panginoong Diyos sa tao, mababasa natin sa Genesis ang mga sumusunod:

> 1:26 Then God said, "Let us make man in our image, after our likeness. And let them have dominion over the fish of the sea and over the birds of the heavens and over the livestock and over all the earth and over every creeping thing that creeps on the earth." 27 So God created man in his own image, in the image of God he created him; male and female he created them. 28 And God blessed them. And God said to them, "Be fruitful and multiply and fill the earth and subdue it and have dominion over the fish of the sea and over the birds of the heavens and over every living thing that moves on the earth."

Maraming ang matutuhan mula sa passage na ito. Isa na rito ang kahalagahan ng tao na ito ay taglay sa kanyang pagkalikha. Ibig sabihin, ang Diyos ang nagbigay sa tao ng kanyang halaga, ng kanyang value or worth. Samakatuwid, ang kahalagahan ng tao ay wala sa kanyang sariling palagay o palagay ng ibang tao. Ang kanyang halaga ay wala rin sa kanyang physical appearance, abilities or social standing. At wala rin sa kanyang performance or achievements.

Ang tao ay may dignidad simply because siya ay nilikha in God's image.

### b] Purpose

Ang salitang *blessed* na ginamit sa passage na ito ay mahalagang bigyang pansin. Ang salitang ito ay may kinalalaman sa tuhod. Ibig sabihin, ang nilalarawan sa eksenang ito ay ang nakaluhod na pinagpapalang tao sa harapan ng nagpapalang Diyos.

Ang pagluhod ay nagpapahiwatig ng dalawang bagay: pagsamba at pagpapasakop. Sa larawang ito nakapaloob ang meaning o fulfillment ng buhay ng tao. Ibig sabihin, matatagpuan ng tao ang kaligayahan o kaganapan ng kanyang buhay sa pagsamba at pagpapasakop o paglilingkod sa kanyang Maylikha.

Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng pag-ibig sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanyang mga katangian at mga kamangha-manghang ginawa. Ang pagpapasakop o ang paglilingkod sa Diyos ay nakapaloob din sa passage na ito:

> 28 And God blessed them. And God said to them, "Be fruitful and multiply and fill the earth and subdue it and have dominion over the fish of the sea and over the birds of the heavens and over every living thing that moves on the earth."

### c] Directives

Ang unang bahagi ng original mandate na ito ay *be fruitful and multiply and fill the earth.* Sa utos na ito, inintroduce ng Lord ang kahulugan ng pagmamahalan, pagpapakasal at pagpapamilya. Masisilip dito ang

pinakaplano ng Diyos sa pagkalikha Niya ng mundo -- ang punuin ang mga lupain ng mga taong kawangis ng Diyos. Pinahayag ng Diyos ang paraan ng pagpaparami ng tao. Pinansin Niya na hindi mabuti na mag-isa si Adan:

> 21 So the LORD God caused a deep sleep to fall upon the man, and while he slept took one of his ribs and closed up its place with flesh. 22 And the rib that the LORD God had taken from the man he made into a woman and brought her to the man. 23 Then the man said, "This at last is bone of my bones and flesh of my flesh; she shall be called Woman, because she was taken out of Man."
>
> 24 Therefore a man shall leave his father and his mother and hold fast to his wife, and they shall become one flesh. 25 And the man and his wife were both naked and were not ashamed.

Pinauunawa sa atin dito ang ibig sabihin ng *intimate love* na pinagkaloob ng Diyos sa mag-asawa upang ma-fulfill nila ang mandate to populate the earth. Ang *intimate love* ay mangangailangan ng *deep <u>emotion</u>*.

Ang ikalawang bahagi ng mandato ng Diyos sa tao ay *subdue the earth*. Ang sumusunod na talata ang magbibigay linaw sa atin kung ano naman ang ibig sabihin ng mandatong ito:

> 2:5 When no bush of the field was yet in the land and no small plant of the field had yet sprung up—for the LORD God had not caused it to rain on the land, and there was no man to work the ground, 6 and a mist was going up from the land and was watering the whole face of the ground— 7 then the LORD God formed the man of dust from the ground and breathed into his nostrils the breath of life, and the man became a living creature. 8 And the LORD God planted a garden in Eden, in the east, and there he put the man whom he had formed.
>
> 15 The LORD God took the man and put him in the garden of Eden to work it and keep it.

Samakatuwid, subduing the earth or working the ground and keeping it ay ang trabahong nakalaan para kay Adan; ang ginawang hardin ng Diyos na residence nilang mag-asawa ang magsisilbing modelo para nila tularan at ng kanilang mga anak at mga apo para sa gagawin nilang pagpapalaganap ng kanilang lahi.

Ang ikatlong bahagi ng mandato ng Diyos sa tao ang lumalabas na napakahirap na ma-accomphish – ang pamahalaan ang lahat ng living creatures on the earth. Simula pa lamang, may kabigatan na ang mandatong ito ng Diyos – ang pagpapangalan sa lahat ng hayop:

> 2:19 Now out of the ground the LORD God had formed every beast of the field and every bird of the heavens and brought them to the man to see what he would call them. And whatever the man called every living creature, that was its name. 20 The man gave names to all livestock and to the birds of the heavens and to every beast of the field.

Ang gawaing ito ay mangangailangan ng <u>intellect</u>, talino, matalas na pag-iisip.

### d] Limitation

Maraming klaseng punongkahoy ang nasa Eden. Maraming pagpipilian. Maaring kainin kahit ano sa mga ito, maliban sa isang puno:

> 2:16 And the LORD God commanded the man, saying, "You may surely eat of every tree of the garden, 17 but of the tree of the knowledge of good and evil you shall not eat, for in the day that you eat of it you shall surely die."

May boundary. May limitation. Niloob ng Panginoon na manatiling soberenidad sa ibabaw ng sansinukob na Kanyang nilikha bagamat ipinagkaloob Niya ang pamamahala ng lahat na may buhay sa mundo sa tao. Ang tao ang ginawa Niyang katiwala.

Ang kalayaang binigay ng Diyos sa tao ay nakapaloob sa Kanyang kalooban. Ibig sabihin, may limitasyon. Hindi pwedeng lumampas sa boundary na nakaset na. Hindi puwede ang mag-over-the-bakod. At ito ay niliwanag ng Diyos sa simula pa lamang. Kaya naman, kung susuway ang tao, wala siyang mao-offer na excuse para makalusot.

**e] Abilities**

Sa unang dalawang chapters ng Genesis marami ng insights ang matutuhan ng isang matapat na mag-aaral ng Bibliya. Ang pagkalikha sa tao ay bukod-tangi dahil siya ay nilalang na kawangis ng Diyos. Pinagkalooban ng Diyos ng mga kakayahan upang ma-acomplish niya ang layunin ng kanyang buhay. Binigyan ng Diyos ang tao ng desire to worship and serve Him, Binigyan din ang tao ng intellect, emotion, at will. Mayroon siyang katalinuhan, pakiramdam at kakayahang magdesisyon. Ang mga abilidad na ito na natatangi sa tao ay reflection lamang ng mga katangiang taglay ng Diyos. Ang reflection na ito ay tulad sa liwanag ng araw na nire-reflect ng buwan.

**f] Character**

Patungkol naman sa character, mauunawaan ito matapos na ang mga ito ay mawala dahilan sa ginawang pagsuway sa batas ng Diyos.

Ito ang sinasabi sa Colossians 3:10, . . . *and have put on the new man who is renewed in knowledge according to the image of Him who created him . . .* Ito naman ang sinasabi sa Ephesians 4:24 . . . *and that you put on the new man which was created according to God, in true righteousness and holiness . . .*

Ang dalawang verses na ito ay naglalahad kung ano ang nawala sa tao matapos na siya ay nagkasala sa Diyos – ang knowledge, true righteousness and holiness – ang pagkaalam ng katotohanan, ang pagkamatuwid at ang pagkabanal. Bagamat hindi naman totally nawala sa kanyang pagkatao ang talino, pakiramdam at kakayahang makapag-desisyon.

Bilang karagdagang biyaya maliban sa maliwanag na ebidensyang taglay ng creation para sa existence ng Diyos, sinulat ng Diyos ang Kanyang batas sa puso ng tao (Romans 2:15) at inilagay din Niya sa puso ng tao ang sense of eternity (Ecclesiastes 3:11). Subalit, sa kabila ng lahat ng mga kaalamang ito, patuloy pa rin ang pagtalikod ng tao sa katotohanan ng Diyos.

***Multiple Choice***

1. Ang Diyos ang nagbigay ng self-worth sa tao sapagkat
   a. Ang tao ay may mga kakayahan at mga abilidad.
   b. Maganda ang kanyang estado sa buhay.
   c. Ang tao ay nilikha ayon sa Kanyang wangis.

2. Anong dalawang bagay ang ipinapahiwatig ng pagluhod?
   a. Disiplina at Respeto
   b. Pagsamba at Pagpapasakop
   c. Pagmamakaawa at Paghiling

3. Ano ang ibig sabihin ng pagsamba?
    a. Ito ay ang pagbibigkas ng ating pag-ibig sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanyang mga katangian at mga kamangha-manghang ginawa.
    b. Ito ay ang pag-aalay ng handog na patay na hayop at iba pang pagkain sa Diyos.
    c. Ito ay ang pagbibigay puri sa Diyos sa pamamagitan ng mga tugtugin

4. Ano ang nakapaloob sa mandate ng Diyos patungkol sa maging fruitful and multiply and fill the earth?
    a. Pagmamahalan at pagpaparami ng panganay
    b. pagmamahalan, pagpapakasal at pagpapamilya
    c. pagmamahalan, pagpapakasal at paghihiwalay

5. Ang modelong hardin na tahanan ng tao ay
    a. Kanyang pagmamasdan upang magbigay kasiyahan sa kanya at sa kanyang buong lahi
    b. Kanyang tutularan at gagawin sa buong mundo kasama ang kanyang buong lahi
    c. Kanyang pababayaan lumago

6. Sa ikatlong mandate ng Diyos, ang pamamahala sa lahat ng living creatures on earth, kinakailangan dito ang
    a. Iron hand
    b. Intellect
    c. Maging street-wise

7. Sa simula pa lang na likhain ng Diyos ang tao, mayroon na siyang
    a. Kalayaan
    b. Limitation
    c. Karangyaan

8. Bukod sa ibinigay ng Diyos sa tao na desire to worship and serve Him, binigyan din Niya ang tao ng
    a. Intellect, will at emotion
    b. Tahanan at mga kagamitan
    c. Kakayahang magdesicion nang walang pananagutan

9. Matapos na magkasala ang tao, nawala sa kanya ang
    a. Karapatang maging anak ng Diyos
    b. Wangis ng Diyos
    c. Tunay na kaaalaman, tunay na katuwiran at tunay na kabanalan

10. Ano ang common sa verses ng Colossians 3:10 at Ephesians 4:24
    a. To put on the armor of God
    b. To put on the new man
    c. To put on new clothing

© Revised June 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.